**JABEZ EDUCARE CHRISTIAN ACADEMY**
**Ramiroville, Balulang, Cagayan de Oro City**
**2nd Long Test**
**G4- ARALING PANLIPUNAN**

Score:

**NAME:**_______________________________________________________

Panuto: A. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Anong salita ang tumutukoy sa enerhiya na mula sa paggalaw o malalakas na agos ng mga ilog at talon.
   a. hydropower b. import c. teknolohiya
2. Paano mailalarawan ang klimang tropikal ng Pilipinas?
   a. Nakararanas ito ng sobrang init tulad ng mga bansang nasa ekwador
   b. Ito ay may tuyo at tag-ulan na mga panahon at katamtaman lamang ang init at lamig
   c. Nakararanas ito ng sobrang lamig sa buong taon, tulad ng mga pook na nasa kabilugang Artiko at Kabilugang Antartiko
3. Kabilang sa anong pangkat ng indigenous people ang patuloy na gumagawa ng makukulay na malong at pinakamalaking pangkat ng mga Muslim sa bansa?
   a. Tausug b. Mëranaw c. Ibaloi
4. Alin sa mga sumusunod ang HINDI isang tropikal na prutas?
   a. saging b. pinya c. mansanas
5. Anong salita ang tumutukoy sa pag-aaral ng mga nakalipas na pangyayari?
   a. kasaysayan b. tropiko ng kanser c. kultura
6. Alin sa mga etnolingguwistikong pangkat ang naninirahan sa Samar, Leyte, at Biliran Island?
   a. Waray b. Boholano c. Ilonggo
7. Paano dapat pahalagahan ang indigenous people at mga etnolingguwistikong pangkat sa bansa?
   a. Pagtawanan ang kanilang ginagamit na wika at mga kasuotan
   b. Igalang ang kanilang kultura at mga tradisyon
   c. Huwag makipagkaibigan o makihalubilo sa mga kaklase na kabilang sa mga etnolingguwistikong pangkat
8. Anong anyong tubig ang maaring pagkunan ng hydropower o enerhiya?
   a. lawa b. sapa c. talon
9. Anong salita ang tumutukoy sa mga produktong iniluluwas ng isang bansa patungo sa iba't ibang bansa?
   a. sale b. export c. import

LIVEWORKSHEETS

10. Ano ang tawag sa pangkat ng mga tao na may pagkakapareho sa wikang kanilang ginagamit, etnisidad, at kultura?
    a. populasyon
    b. heogrpiyang pantao
    c. etnolingguwistikong pangkat

11. Alin sa mga etnolingguwistikong pangkat ang naninirahan sa Mountain Province sa bulubundukin ng Cordillera at itaas na bahagi ng Chico River?
    a. Aklanon    b. Kankanaey    c. Bontoc

12. Bakit tinaguriang natural na depensa ng Luzon sa mga dumarating na bagyo mula sa Pacific Ocean ang Sierra Madre?
    a. Dahil pinahihina ng kabundukang ito ang epekto ng bagyo sa rehiyon
    b. Dahil hindi nakapapasok sa Pilipinas ang mga bagyong galing sa Pacific Ocean
    c. Sapagkat mayroon itong lambak na maaring sumipsip ng tubig-ulan

13. Ano ang isa sa mga pangunahing hanapbuhay sa bansa dahil sa pagkakaroon ng mga dagat at karagatan na nakapalibot dito?
    a. pagmimina    b. pangingisda    c. pagsasaka

14. Paano dapat ipakita ang pagpapahalaga sa katangiang heograpikal ng bansa?
    a. Sirain ang magagandang tanawin ng bansa
    b. Magtapon ng mga basura sa mga ilog at dagat
    c. Magtanim ng mga puno at halaman upang mapalitan ang mga nawala o naputol na puno sa kagubatan at kabundukan

15. Ano ang isa sa mga pangunahing hanapbuhay ng mga tao sa Pilipinas dahil sa pagkakaroon nito ng matatabang lupain?
    a. pangingisda    b. pagsasaka    c. paghahabi

LIVEWORKSHEETS

B. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| tropiko ng kanser | Bagani | Ivatan |
| kultura | Tagalog | Badjao |
| Babaylan | Indigenous People (IP) | Mangyan |
| Cebuano | Boholano | Ilonggo |

____________________ 1. tawag ng pangkat ng mga Bagobo sa kanilang mga babaeng manggagamot na nagsasagawa ng mga rituwal sa kanilang pangkat

____________________ 2. tumutukoy sa kaugalian, pamumuhay, relihiyon, wika, paniniwala at mga tradisyon ng isang pangkat ng tao

____________________ 3. tao sa dagat

____________________ 4. likhang linya sa daigdig kung saan ang mga bansang nakapaloob dito ay may klimang tropikal

____________________ 5. mga kabilang sa minoryang katutubong pangkat

____________________ 6. tawag ng pangkat ng mga Bagobo sa kanilang mandirigma

____________________ 7. katutubo ng Batanes

____________________ 8. pinakamalaking etnolungguwistikong pangkat sa bansa

____________________ 9. pangkat na naninirahan sa lalawigan ng Bohol

____________________ 10. isa sa malalaking pangkat-etniko sa bansa, karamihan sa kanila ay naninirahan sa lalawigan ng Cebu at iba't ibang bahagi ng Visayas at Mindanao

____________________ 11. pangkat na matatagpuan sa mga lalawigan ng Iloilo, Guimaras, at Negros Occidental

____________________ 12. Katutubong pangkat na naninirahan sa Mindoro

LIVEWORKSHEETS

C. Ibigay ang hinihingi sa bawat bilang.

Ibigay ang dalawang klima ng Pilipinas

__________________________, __________________________

Magbigay ng limang Indigenous People sa Pilipinas

__________________________, __________________________, __________________________

__________________________, __________________________

Magbigay ng apat anyong tubig

__________________________, __________________________,

__________________________, __________________________

Magbigay ng apat anyong lupa

__________________________, __________________________,

__________________________, __________________________

D. Sagutin ang tanong. (3 pts.)

1. Bakit mahalaga ang mga anyong tubig at anyong lupa sa bansa?

<u>Mahalaga ang mga anyong tubig at anyong lupa sa bansa dahil____</u>

LIVEWORKSHEETS